Kontak: Katherine Fountain
Fountain.k@portseattle.org
206.787.3071

Para sa Agarang Paglabas
Marso 9, 2026

# Mayroon $2 Milyon para Palaganapin ang Kamalayan at Kahandaan sa Trabaho sa pamamagitan ng South King and Port Communities Fund

*Bukas ang aplikasyon hanggang Abril 20, 2026*

**SEATTLE –** Tumatanggap ng aplikasyon ang Port of Seattle mula sa mga organisasyong nakabase sa komunidad para palaganapin ang kaalaman ng mga trabaho at karera na may kaugnayan sa Daungan sa mga komunidad na matagal nang hindi nagkakaroon ng kinatawan sa paligid ng Seattle-Tacoma International Airport (SEA) at South King County, hanggang Beacon Hill at Duwamish Valley. Sinusuportahan ng pondo ang mga programa na inuugnay ang mga residente sa mga trabahong may nakabubuhay na suweldo at mga karera na may kaugnayan sa mga industriya ng daungan sa aviation, construction, green jobs, at maritime.

Mayroong tinatayang $2 milyon para sa 2026 funding cycle ng Economic Opportunities for Communities (EOC) program ng South King and Port Communities Fund (dating tinatawag na South King County Community Impact Fund). Maaari mag-apply hanggang $115,000 sa isang taon ng pondo at $100,000 hanggang $275,000 para sa ilang taong (hanggang tatlong taon) pondo. Ang panahon ng aplikasyon ay mula Marso 9, 2026 hanggang Abril 20, 2026. Nararapat at hinihikayat na mag-apply ang mga organisasyong nakabasa sa komunidad na may 501(c)3, 501(c)6, o fiscal sponsor na may 501(c)3 o 501(c)6.

"Ang EOC Program ay nagpapakita sa pangako ng Komisyon na makinig sa mga komunidad at pagmumuhunan sa mga solusyon na tinutulungan nilang hubugin," **sabi ni Komisyoner Hamdi Mohamed**. "Sa pamamagitan ng pagsuporta sa paghahanda sa trabaho at pagsasanay sa lakas-paggawa na pinamunuan ng komunidad, pinalalaganap natin ang pagkakataon sa mga trabaho may nakabubuhay na suweldo habang patuloy na nagsisikap tungo sa isang mas malatibay at mas matatag na komunidad sa kabuuan ng King County, Beacon Hill, at Duwamish Valley."

Inilunsad noong 2020 bilang Economic Recovery Program bulang tugon sa pandemya dulot ng COVID-19, nagbago ang programa noong 2025 kasunod ng mga sesyon sa pakikipagpulong sa komunidad, feedback ng partner, at pagsusuri gamit ang Equity Index ng Port of Seattle. Ang binagong EOC Program ay nagpapakita ng paglipat mula sa pamumuhunang nagkatuon sa pagbangon tungo sa pangmatagalang oportunidad sa ekonomiya at pagpapaunlad ng mga lakas paggawa.

Kontak: Katherine Fountain
Fountain.k@portseattle.org
206.787.3071

**Koneksyon sa mga industriyang may kaugnayan sa daungan**
Sa pagkakaroon ng kaugnayan sa mga susing sektor ng ekonomiya ng Washington at koneksyon sa higit 500 employer na may operasyon sa mga pasilidad nito, ang Port ay may natatanging posisyon para gumawa ng landas sa mga trabaho may magandang kita sa industriya ng aviation, construction, green economy, at maritime, na nagbibigay pakinabang sa mga komunidad na pinakanaapektuhan ng operasyon ng Port. Mahalaga ang pamumuhunan sa pagpapaunlad ng mga lakas paggawa dahil marami sa mga industriyang may kaugnayan sa Port ay nakararanas ng kakulangan ng tauhan. Ang mga programa sa paghahanda sa trabaho na pinamumunuan ng komunidad ay nakakakuha ng pagkakaron, kakayahan, karanasan, at pagsasanay na kinakailangan para makakuha ng mas komplikadong trabaho at trabahong nakabubuhay ng pamilya sa mga industriyang ito.

"Sa pamamagitan ng suporta at pakikipagtulungan ng South King and Port Communities Fund (SKPCF), nagkaroon kami ng pagkakataong makita ang mga tao kung nasaan sila at makalikha ng makabuluhang landas para sa mga lakas-paggawa," sabi ni Kathy Powers, Bise-Presidente sa mga Serbisyo sa Orion Works. "Ang kolaborasyong ito ay nagtitiyak na ang mga indibidwal na noon ay hindi naisama sa merkado ng trabaho ay may pagkakaron sa komprehensibong serbisyo at praktikal na pagsasanay sa pagmamanupaktura sa aviation na nagbubunsod sa tunay na oportunidad sa trabaho. Kami ay hindi lamang inihahanda ang mga tao sa trabaho — pinalalaganap namin ang patas na pagkakataon sa mga trabahong nakabubuhay ng pamilya at nagpapalakas sa rehiyonal na ekonomiya."

**Proseso ng aplikasyon sa 2026**
Ang mga organisasyon na interesad sa pag-apply ng pondo ay hinihikayat na bisitahin ang website ng EOC sa:

- Sagutan ang SKPCF EOC self-assessment para matukoy kung karapat-dapat at tugma sa programa
- Pumunta sa VendorConnect para hanapin at i-download ang aplikasyon
- Rebyuhn ang mga dokumento sa aplikasyon, timeline, at halimbawa ng mga proyektong pinondohan noon
- Dumalo sa magaganap na talakayan tungkol sa impormasyon tungkol sa RFP
- Magpasa ng aplikasyon hanggang Abril 20, 2026 para sa Economic Opportunities for Communities funding
- Mag-sign up para sa mga update sa email at mga anunsiyo ng pagpopondo sa hinaharap

**Tungkol sa South King and Port Communities Fund (SKPCF)**
Itinatag ng Port of Seattle ang South King County Community Impact Fund (ngayon ay South King and Port Communities Fund) noong 2019 para bumuo ng mga pakikipagtulungan para sa pagkakapantay-pantay at magbigay ng mapagkukunan at suporta sa iba't ibang komunidad malapit sa paliparan na hindi sapat o hindi nabibigyan ng serbisyo. Mula 2020 hanggang 2024,

Kontak: Katherine Fountain
Fountain.k@portseattle.org
206.787.3071

naglunsad ang Fund ng apat na cycle ng Economic Recovery (ngayon ay Economic Opportunities for Communities) Program at Environmental Grants (ngayon ay Environmental Improvement) Program, para pondohan ang mga proyektong pinamumunuan ng komunidad na lumilikha ng landas para sa pagsasanay at trabahong may magandang kita, at para pondohan ang pagpapahusay sa kalikasan. Simula ng pagkakabuo ng pondo, higit sa 50 organisasyon ay nakatanggap ng $9.25 milyon sa kabuuan, na ng pondo sa higit 80 proyekto.

.

###

**Tungkol sa Port of Seattle**
*Itinatag noong 1911 ayon sa boto ng taong bayan bilang pamahalaan na may natatanging layunin, ang misyon ng Port of Seattle ay para magtaguyod ng oportunidad sa hanapbuhay at kalidad ng buhay sa rehiyon sa pamamagitan ng pagpapaunlad ng kalakalan, paglalakbay, komersyo, at paglikha ng trabaho sa isang patas at tapat na paraan at pananagutan sa kalikasan.*

*Pag-aari at pinatatakbo ng Port ang Seattle-Tacoma International Airport (SEA), Fishermen's Terminal — kung nasaan ang North Pacific fishing fleet — at mga pampublikong marina. Pag-aari rin ng Port ang dalawang terminal ng cruise ship, grain terminal, pag-aaring real estate, at marine cargo terminal sa pamamagitan ng pakikipagtulungan nito sa Northwest Seaport Alliance.*

*Sinusuportahan ng operasyon ng Port of Seatlle ang halos 205,000 trabaho at higit sa $12 bilyon sweldo sa buong rehiyon. Sa nakaraang 12 taon, ang Century Agenda ng Port ay nagnanais na gumawa ng karagdagang 100,000 trabaho sa pamamagitan ng paglago ng ekonomiya habang nagiging nangungunang green at energy-efficient port ng bansa. Matuto pa sa website ng Port website.*